Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints

Volume 25 | Number 2 Article 4

6-30-1977

Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo

Jose Mario Francisco

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/phstudies

Recommended Citation
Francisco, Jose Mario (1977) "Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo," *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*: Vol. 25: No. 2, Article 4.
DOI: https://doi.org/10.13185/2244-1638.1765
Available at: https://archium.ateneo.edu/phstudies/vol25/iss2/4

This Article is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archīum Ateneo. It has been accepted for inclusion in Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints by an authorized editor of Archīum Ateneo.

philippine studies

Ateneo de Manila University • Loyola Heights, Quezon City • 1108 Philippines

**Panitikan at Kristiyanismong Pilipino:
Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo**

Jose Mario C. Francisco

Philippine Studies vol. 25, no. 2 (1977) 186–214

Copyright © Ateneo de Manila University

Philippine Studies is published by the Ateneo de Manila University. Contents may not be copied or sent via email or other means to multiple sites and posted to a listserv without the copyright holder's written permission. Users may download and print articles for individual, noncommercial use only. However, unless prior permission has been obtained, you may not download an entire issue of a journal, or download multiple copies of articles.

Please contact the publisher for any further use of this work at philstudies@admu.edu.ph.

http://www.philippinestudies.net
Fri June 27 13:30:20 2008

Philippine Studies 25 (1977): 186–214

Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo

JOSE MARIO C. FRANCISCO

ABSTRACT

Christianity no doubt remains present in Philippine life and culture. However, recent external and internal pressures on it have brought about a deeply felt need for a closer examination of its existential reality. In this context, the paper considers the evolution of religious thought in Tagalog literature as a path to a better understanding of Filipino Christianity. Through the methods of literary analysis, it investigates what image of Christ is found in literature.

The investigation shows the presence of three different images of Christ, each arising out of a different historical situation: (1) in the period of Spanish colonization, Christ as exemplar for man; (2) in the period of the American occupation, Christ as the foundation of moral order, and (3) after the Second World War, Christ as messiah of society. Furthermore, it is clear that these images carry with them different nuances of meaning and imperatives for action.

The application of these findings to contemporary Filipino Christianity is then discussed under the following headings: (1) the different images of Christ suggest the complexity of Filipino Christianity; (2) these images of Christ drawn from literature provide a useful framework for understanding Filipino Christianity; and (3) the crucial element in understanding Filipino Christianity lies in the relationship between the image of Christ and the historical situation, rather than in the aptness of describing Filipino Christianity as "popular" or "folk."

Mapanganib man ang mamangka sa dalawang ilog, minsa'y kinakailangan ito upang ganap na makarating sa paroroonan. Lalo na't ang dalawang ilog ay sanga ng iisang puno at manaka-nakang nagkakaisa ng landas. Ito ang larawan ng ating gagawing paglalakbay ngayon, at matatagpuan sa pamagat ng panayam ang dalawang ilog na ating tatahakin.

Unang-una, ang ating panitikan na masaganang dinadaluyan ng diwang Pilipino. Dito sa ating mga tula, kuwento, at dula, mababasa

ang aklat ng buhay-Pilipino. Sa panayam na ito, susuriin natin ang kaisipang relihiyoso na napapaloob sa iba't ibang akdang pampanitikan. Sa madaling sabi, ano ang lumilitaw na pagkakaunawa kay Kristo sa panitikang Pilipino?

At ikalawa naman, ang malawak na larangan ng Kristiyanismong Pilipino.[1] Dito ang hinihingi ay tapat na paglalarawan sa kalagayan ng Kristiyanismo sa ating bayan; at hanggang hindi ito nagagampanan, mahirap mahulaan ang kinabukasan ng Kristiyanismong Pilipino. Samakatuwid, dapat nating tanungin kung ano ang umiiral na "anyo ng pananampalataya" sa ating bansa.[2]

Sa panayam na ito, susuriin nang magkaugnay ang dalawang larangan, at inaasahang makakatulong ang ganitong paraan sa lalong ikaliliwanag ng Kristiyanismo sa ating bansa.

Magsimula tayo sa paglalarawan ng isang kaugaliang panrelihiyon sa ating paligid.

UNANG SULYAP SA KRISTIYANISMONG PILIPINO

Noong nagdaang Kuwaresma, ilan sa mga guro at estudyante ng Ateneo ang nanirahan sa Bo. Adia, Sta. Maria, Laguna. Nanuluyan kami sa bahay ng iba't ibang magsasaka, at sumakay sa karaniwang agos ng buhay sa bukid – ang maagang paggising at pagtulog, ang pagtulong sa bahay at bukid, pakikipagkuwentuhan, paminsan-minsang inuman at lingguhang pagsasabong.

Nang dumating ang Mahal na Araw, tumingkad ang ganitong takbo ng buhay. Sumulpot na parang kabuti ang pabasa ng pasyon. Mayroong mag-asawang tahimik na nagbasa nito sa kanilang kubo, at mayroon din namang mga bahay na pinutakti ng mga kabaryo at kamag-anakang bumaba pa sa bundok.

Sa bahay na aming pinuntahan, sasalubungin ka agad ng akala mo'y giniginaw na himig na pasyon, lalo pa't sinasabayan ito ng kalatog ng pinggan, iyak ng bata at paghuhuntahan ng matatanda.

1. Dito ang tinutukoy ng "Kristiyanismong Pilipino" ay ang umiiral na Kristiyanismo sa Pilipinas, saan man nanggaling ang mga sangkap nito.

2. Ang kahulugan ng "anyo ng pananampalataya" o "form of faith" ay hango kay Avery Dulles, S.J., *The Survival of Dogma* (Garden City, N.Y.: Doubleday & Company, 1971), p. 18: "I would hold that in different sociocultural situations, faith changes its forms and that it must do so in order to retain its hold on man – that is, in order to remain faith at all."

Madaling mauubos ang buong maghapon sa ganito. At bago ka dalawin ng antok, Sabado na nang umaga at katatapos mo lang awitin ang huling saknong ng makapal na pasyon.

Hindi ko alam kung ilan sa inyo ang lumaki sa ganitong tradisyon, ngunit walang pambihira sa aking isinalaysay. Ito'y karaniwang larawan ng Kristiyanismo sa buhay Pilipino, at mayroong ipinapahayag tungkol sa pagka-Kristiyano ng Pilipino.

Makikita nating ang pagka-Kristiyano ng Pilipino'y katulad ng marami niyang katangian. Akala mo'y natutulog at natatabunan ng pang-araw-araw na buhay. Ngunit dumarating ang panahong biglang lilitaw at mamumukadkad ito sa iyong harapan – mga pagkakataóng tulad ng Pasko o Kuwaresma, pagkakaroon ng anak o pagkamatay ng kamag-anak o kaya'y paghahanapbuhay.

Talagang mahirap tawaran ang Kristiyanong katangian ng kulturang Pilipino. At sinumang magsabing ito'y sa barrio o "bakya" lamang ay hindi pa nakakatuntong sa Baclaran kung Miyerkoles, sa *St. Jude* kung Huwebes, at sa Quiapo kung Biyernes.

Ang kulturang Pilipino ay parang bahay natin. Kahit na munting sulok, hindi nawawalan ng santo. Nagkakaiba nga lamang kung anong nakapaligid dito. Kung ang bahay ay sa Bataan, pabalát ng Superstar Komiks at retrato ni Junior ang katabi ng Mahal na Birhen. Pero kung sa *subdivision* kaya, *painting* siguro ang katabi ng *Sacred Heart.* Talaga yatang gusto ng Pilipinong laging tinitignan ng Diyos; sapagkat pati na ang ating mga sasakyan ay mayroong munting larawan ng "The Eye," katabi ang paala-alang "God knows Hudas not pay."

Talagang maliwanag ang pananatili ng Kristiyanismo sa kulturang Pilipino, at hindi naman tayo dapat magtaka sapagkat malaking papel ang ginampanan nito sa ating kasaysayan. Gayumpaman, mayroong mga nagaganap sa ating paligid na tumutulak sa atin upang lalo pang suriin ang kalagayan ng Kristiyanismo sa ating bansa. Bilang halimbawa, dalawang mainit-init pang mga pangyayari ang aking tatalakayin.

Noong ika-22 lamang ng Enero, sa ganap na alas nuwebe y media ng umaga, pinasok ng isang pangkat ng mga sundalo sa ilalim ng pamumuno ni Lt. Col. Cesar Navarro ang *Catholic Communications Media Center* sa Malaybalay, Bukidnon. Dahil sa may kasunduan si Heneral Ramos at mga Obispong Katoliko na gaganapin lamang ang ganitong pagpasok kung nandoon ang pinunong relihiyoso, tumutol ang mga naglilingkod sa *center* sapagkat wala noon si

Obispo Claver. Sa kabila nito, sinamsam ang *mimeographing machine* at ibang kagamitan sa opisina, kasama ang mga kopya ng lathalaing "Ang Bandilyo" at pati na.mga sulat ng Obispo para sa pinamumunuan niyang sambayanang Kristiyano.

Hindi ba kataka-takang mangyari ito sa isang bansang Kristiyano, sa isang kulturang nag-uumapaw sa mga tanda ng Kristiyanismo?

Ikalawang pangyayari. Sa taunang pangkalahatang pulong ng mga obispo sa Pilipinas na ginanap sa Cebu noong huling linggo ng Enero, hindi naikaila ang pagkakaroon ng magkakaibang pananaw at pamumuhay sa mga obispo. Bagamat nagkaisa sila sa kanilang inilathalang "Panawagan ng mga Obispo sa Bayan ng Diyos," walang salang iiral ang iba't ibang pamamaraan ng pagsasakatuparan nito.

Saan kaya mauuwi ang ganitong pagkakahati-hati na matatagpuan hindi lamang sa pamunuan kundi maging sa sambayanang Kristiyano? Abangan ang susunod na kabanata.

Marami pang mga pangyayari ang maaaring banggitin, ngunit ganap nang kinakatawan ng mga halimbawang ito ang mga puwersa sa loob at labas ng Kristiyanismo na nagbubunsod sa atin tungo sa mas masusing pagsusuri ng Kristiyanismo. Hindi na tuloy sapat na basta't ipagtanggol o tuligsain ang Kristiyanismong Pilipino. Kinakailangan ang tunay na pagtataya sa kasalukuyang kalagayan nito.

Upang magampanan natin ito, babaling tayo sa panitikang Pilipino at susuriin ang larawan ni Kristo – hindi ang larawan ayon sa kanyang natatanging katunayan, kundi ang pagkakaguhit sa kanya ng iba. Higit nating mauunawaan ang Kristiyanismong Pilipino sa pamamagitan ng pagsusuri sa larawan ni Kristo sa panitikang Pilipino. Ito ang dahilan kung bakit magkaugnay nating tatalakayin ang dalawang larangang bumubuo sa panayam na ito.

Samakatuwid, ang pagsusuri sa paglalarawan kay Kristo ay hindi isinasagawa upang sukatin kung naaayon ito sa wastong doktrina ng Simbahan. Hindi rin ito nanggagaling sa pag-aalinlangan sa Diyos tulad ng matatagpuan sa Kanluran. Sa katunayan, ang gagampanang pagsisiyasat sa larawan ni Kristo ay nababatay sa paghahangad sa higit na katapatan kay Kristo, at nag-uugat sa mahabang kasaysayan ng pananampalataya sa ating bayan.

Dahil dito, kailangang maging istorikal ang balangkas at pamamaraan ng pagsusuri sa larawan ni Kristo. Papasukin natin ang bawa't yugto ng ating kasaysayan at babasahin ang mga akdang pampanitikang sinulat noon. Pagkatapos, susuriin natin ang iba't

ibang tauhang-Kristo sa mga kuwento at dula.[3] Kung wala namang ganitong tuwirang paglalarawan kay Kristo, maaari pa rin nating pag-ukulan ng pansin ang natatagong pananaw tungkol sa relihiyon ng anumang akda. Samakatuwid, hindi lamang mga partikular na tauhang-Kristo ang pagbabatayan ng ating pagsisiyasat sa larawan ni Kristo. Sa ganitong paraan, magiging higit na buo ang ating pagkakaunawa sa kaisipang relihiyoso na umiiral sa bawa't yugto ng kasaysayan.

KRISTO, ANG ULIRAN NG TAO

Kung makapagbabalik tayo sa panahon ng Kastila at makapipili nang katauhan, tiyak na magkakaiba ang ating pipiliin. Marami sigurong mangangahas na mag-ala Magellan o Padre Burgos o Hermano Pule. At ang iba naman siguro'y magiging mangangalakal ng indigo, o karaniwang kampanero o matabang prayleng pinagsisilbihan ng manang. Ngunit sino o ano man ang ating piliin, lahat tayo'y sakop at bahagi ng iisang katunayan – ang pagtatatag ng Katolikong lipunan.

Batay ang katunayang ito sa kasunduan ng Papa at Hari ng Espanya sa *Patronato Real de las Indias;* at dahil dito, magkakambal na dumating sa ating kapuluan ang Krus at istandarte ng Hari.[4] Kung atin pa ngang tutuusin, masasabi nating ang pagtatag ng Katolikong lipunan ang siyang nakapagpapakilos sa ating kasaysayan.

Sa iba't ibang yugto ng kasaysayan noon, nakibahagi ang Kastila, *criollo,* at *indio* sa ganitong pagtatag – sa kabila ng kanilang magkakaibang pagkakaunawa sa Katolikong lipunan. Halimbawa, noong kararating ng mga Kastila, makikita nating nagtatalo ang mga *conquistador* at paring Agustino dahil sa kanilang di-magkatulad na pagtingin sa pamamaraan ng pagsakop sa mga katutubo.[5] O kung dumako naman tayo sa siglo 18, ang larawan ng Katolikong lipunan ay ang umuunlad na *poblacion* – may batong simbahang

3. Sa sanaysay na ito, ginagamit ang "larawan ni Kristo" para sa pangkahalatang pagkakaunawa kay Kristo at sa relihiyon na matatagpuan sa panitikan, samantalang ang tinutukoy ng "tauhang Kristo" ay isang takdang tauhang tinatawag o inilalarawan bilang Kristo.

4. Mahusay na tinalakay ang paksang ito ni H. de la Costa, S.J., sa "Church and State under the *Patronato Real*" na matatagpuan sa *Church and State: The Philippine Experience,* ni H. de la Costa, S.J., at John N. Schumacher, S.J., Loyola Papers 3 (Manila: Loyola School of Theology, 1976).

5. Ibid., pp. 3–4.

punong-puno ng hiniyasang mga santo, at napapaligiran ng naglalakihang bahay ng mga *ilustrado* at mangangalakal.[6] At kahit na noong unti-unting namulat ang Pilipino, hindi pa rin tuluyang nawala ang larawan ng Katolikong lipunan. Oo nga't mayroong mga Del Pilar at Bonifaciong nagtakwil sa Katolisismo, ngunit maituturo pa rin natin ang mga Hermano Pule, Padre Burgos at mga Katipunerong nagpamisa para sa ikatatagumpay ng himagsikan.[7]

Masasalamin nating ang ganitong pagtatatag ng Katolikong lipunan sa pag-unlad ng panitikang Pilipino noong panahon ng Kastila. Halos parang prusisyon ang kasaysayan nito. Nagsimula ito sa mga akdang may kinalaman sa pagsamba at doktrina na ginagamit sa loob ng simbahan.[8] Pagkatapos lalabas ito at daraan sa mga akdang ginagamit sa bahay tulad ng pasyon, awit, at korido; hanggang sa humantong ito sa liwasang pinagtatanghalan ng sinakulo at komedya.[9] Pagdating tuloy ng siglo 19, laganap na ang Katolikong lipunan at nanunuot hanggang talampakan na ayon sa *Urbana at Feliza*'y hindi dapat ipakita.[10]

Sa anumang gawaing mapaglikha tulad ng pagpipintura ng larawan o pagtatatag ng Katolikong lipunan, likas na kailangan ang padron o huwaran. Dahil dito, ang pagkakaunawa kay Kristo sa panitikan noong panahon ng Kastila ay bilang uliran ng tao. Iginuhit ng maraming mga akda ang iba't ibang katangian ni Kristo na dapat tularan ng tao sa kanyang pamumuhay at maging sa oras ng kamatayan. Ito ang umiral na larawan ni Kristo noon – ang uliran ng tao.

Bagamat nanatili ang ganitong larawan ni Kristo, nagkaroon ito ng nagbabagong kahulugan dahil sa takbo ng panahon. Halimbawa,

6. Horacio de la Costa, S.J., *Readings in Philippine History* (Manila: Bookmark, 1965), pp. 143–64.

7. Ang papel na ginampanan ng relihiyon sa mga kilusang makabansa at rebolusyonaryo ay masigasig na pinaksa sa panulat at pagpapalitan ng kuro-kuro ng mga istoryador tulad nina Agoncillo, Schumacher, at Ileto. Bagamat sa ngayon mahirap matiyak kung gaano kalawak ang papel na ito, hindi maikakailang mayroong naitulong ang relihiyon sa mga kilusang ito.

8. Ilang halimbawa ng ganitong uri ng panitikan ay ang naunang mga debosyon, lalo na ang nobena, at ang mga akdang tulad ng *Explicacion de la doctrina Cristiana en lengua tagala* (Manila, 1628) ni Alonso de Santa Ana na naglalaman ng mga paglalagom ng doktrina sa berso.

9. Bagamat hindi pa ganap na buo ang mga detalye ng kasaysayang pampanitikan noong panahon ng Kastila, pinapahayag ng larawang ito ang pangkalahatang pagkakaunlad ng panitikan noon.

10. Modesto de Castro, *Pag susulatan nang Dalawang Binibini na si Urbana at ni* [sic] *Feliza* (Manila: Imprenta y Librería de J. Martinez, walang petsa), p. 19. Una itong nalathala noong 1853.

magkakaiba ang mga katangiang ibinigay ng mga manunulat kay Kristo na dapat tularan ng tao. Kung sa pagpipintura, iisa lamang ang paksa – ang pagiging uliran ni Kristo – ngunit iba't iba naman ang estilo ng paglalarawan.

Susuriin natin ngayon ang apat na kuwadro ng larawan ni Kristo bilang uliran ng tao.

Ang una'y guhit ni Gaspar Aquino de Belen sa kanyang dakilang pasyon na inilathala noong 1704 kasama ng mga panalangin para sa naghihingalo.[11] Payak lamang ang kanyang paglalarawan; at nasa gitna ng kuwadro ng kanyang pasyon ang tauhang si Kristo, na naghabilin sa ating "Gawa co,y, inyong tularan/ magotos at pagotosan/ magpono at pagponoan."[12]

Matatagpuan natin ang kahulugan nito sa pangunahing katangian ng tauhang-Kristo sa pasyon ni Aquino de Belen. Ang tauhang-Kristo ay sumunod at sumuko sa Diyos. Ganito nga ang kanyang wika:

Soco rin, at sonod aco
tongmotopad co sa iyo
aco,y, valan ano ano
calinga co ring totoo
ang balang ypaco mo.[13]

Para kay Aquino de Belen, ganito rin ang dapat magbukal sa puso ng tao.

Masakit man ang pagsuko sa Diyos, nararapat ito dahil sa utang na loob ng tao sa kanya. Maliwanag ang temang ito sa buong pasyon ni Aquino de Belen. Itinuring, halimbawa, ng tauhang-Kristo ang kanyang alagad na "catoto," "casalo," "casangbahay," at maging "casiping." Magtataka siguro tayo sa mga salitang ito; ngunit para kay Aquino de Belen, bahagi ito ng pagkauliran ni Kristo sa kapaligirang katutubo.[14]

Samakatuwid, sa kuwadrong ipinintura ni Aquino de Belen, lumilitaw ang larawan ng Kristong uliran ng tao – isang Kristong

11. Gaspar Aquino de Belen, "Ang Mahal na Pasion ni Iesu Christong P. Natin sa Tola" sa Thomas de Villacastin, *Manga panalanging pagtatagobilin sa caloloua ng tavong naghihingalo,* salin ni Gaspar Aquino de Belen (Manila: Imprenta de la Compañia de Iesus, 1760). Ito ang ikalimang pagkakalimbag buhat ng una nitong pagkakalathala noong 1704.

12. Ibid., p. 6.

13. Ibid., p. 11.

14. Ang ganitong malapit na kaugnayan ng tauhang-Kristo sa kanyang mga alagad ay lalong tumitingkad kung ihahambing natin ang pasyong ito sa mga pagsasaberso sa Kastila ng Pasyon ni Kristo tulad ng *Retablo de la Vida de Cristo Hecho en Metro* (Toledo, 1585) ni Juan de Padilla.

dapat tularan sa kanyang pagsuko sa Diyos, ngunit Kristo ring "catoto" na dapat pagkautangan ng loob.

Ang ikalawang kuwadrong titignan natin ay kilala sa palayaw na "Pasyong Henesis" o "Pasyong Pilapil."[15] Nalathala ito noong 1814, ngunit hanggang ngayon ito pa ang inaawit. Kalahati nito'y halos kopya sa unang pasyon, kaya nandito pa rin ang pananaw ni Aquino de Belen. Ngunit dahil sa binago at idinagdag ng Pasyong Henesis sa unang pasyon, mayroon ding nadagdag sa larawan ni Kristo bilang uliran ng tao.[16]

Bahagi na ngayon ng kuwadro ang Simbahan at magulang. Uliran pa rin si Kristo, ngunit nakatakda na ang kahulugan ng pagsunod sa kanya. Kung ikaw ay anak, ganito ang pagsunod kay Kristo – sundin mo ang iyong magulang:

O anac na mapagsouay
sa ama,t, inang magulang
dito ay iyong pagmasdan
manga gauang cababaan
nitong Dios na maalam
. . . . . .
Saca icao na souail
uala cang munting pagtingin
sa ama,t, inang nag-angquin
cun utusan ca,i, marahil
dumadabog, umaangil.[17]

Bukod sa pagsunod sa magulang, ipinagdiinan pa ng "Pasyong Henesis" ang pagsunod sa Simbahan. Halimbawa, idinagdag ng "Pasyong Henesis" ang sumusunod sa saknong bilang aral sa pagkamatay ni Kristo:

Houag ca ring tumalicod
sa madlang aral ng Dios
at sa Santa Iglesiang utos
nang magcamit ca sa Dios
nang aua,t, tauad na puspos.[18]

15. *Casaysayan nang Pasion Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin* (Manila: Imprenta de los Amigos del Pais, 1882). Buhat ng ilathala ito noong 1814, hindi na mabilang kung ilang ulit ito pinalimbag. Bagamat mali, marami ang nag-aakalang sinulat ito ni Padre Mariano Pilapil.

16. Kailangan pa ng mas masusing pagsusuri upang matiyak kung gaano kalaki ang "utang" ng "Pasyong Henesis" kay Gaspar Aquino de Belen. Nagsisimula ang "Pasyong Henesis" sa Paglalang sa Mundo, at nagwawakas sa Huling Paghuhukom. Gayunpaman, ang gitnang bahagi nito mula sa Huling Hapunan hanggang sa Pagpako sa Krus ay hango sa unang pasyon.

17. *Casaysayan nang Pasiong Mahal*, p. 35.

18. Ibid., p. 173.

Sa "Pasyong Henesis," kung gayon, ang pagsunod sa magulang at Simbahan ang siyang pangunahing katibayan ng pagsunod kay Kristo.

Kaugnay nito ang pangunahing katangian ng tauhang-Kristo sa pasyong ito. Siya'y makapangyarihang Diyos, ngunit mapagpakumbaba:

Tingni at nagpacababa,
bago,i, Dios na daquila,
Hari nang Langit at Lupa
puno na may munocala
nang lahat niyang guinaua.
Nag parang ducha at mura
salat sa tingin ng mata,
sumasacay sa humenta,
bago,i, lubos na caniya,
ang cayamanang lahat na.
Ito,i, caya gaua lamang
nang siya,i, ating tularan,
magpacababa nang asal
wacsi ang capalaloan,
puno nang dilang casaman.[19]

Ito ngayon ang kahulugan ng pagka-uliran ni Kristo – ang kababaang-asal at pagiging maamo. Dapat siyang sundan ng tao sa mga katangiang ito. Ayon nga sa tagapagsuring si Padre Pilapil, nakatutulong ang "Pasyong Henesis" upang gawin ang mga taong "mabubuting Kristiyano at tunay na mga mamamayan ayon sa bagong Saligang-batas ng Kaharian [buenos cristianos y verdaderos ciudadanos según la nueva Constitución de la Monarquía]."[20]

Kung detalyado na sa "Pasyong Henesis" ang paglalarawan kay Kristo bilang uliran, lalo pa sa ikatlong kuwadrong susuriin natin dahil sa wala nang larangan na hindi pinanghimasukan ng relihiyon. Sa pagpipintura, ka-estilo nito ang *miniaturismo* ni Damian Domingo na pati ang burda ng panuelo ng donyang nakalarawan ay kitang kita. Binubuo ang kuwadrong ito ng mga akdang namalasak noong siglo 19 tulad ng mga awit at korido, at mga aklat tungkol sa kagandahang-asal.[21] Makikita natin sa kuwadrong ito ang Kristong uliran sa kanyang kahinahunan at pagtitiis.

19. Ibid., p. 66.
20. Ibid., p. 2.
21. Dapat maging maingat sa paglalapat ng salitang "secular" sa mga akdang ito. Halimbawa, tinawag ni Bienvenido Lumbera ang *Florante at Laura* na "the great secular narrative" sa kanyang sanaysay na *"Florante at Laura* and the Formalization of Tradition

Basahin natin ang mga awit at korido, at mababanaag ang ganitong pagkakaunawa kay Kristo. Oo nga't makapangyarihang pag-ibig ang puso ng maraming akda, ngunit pag-ibig na naaayon sa *delicadeza* at hindi labag sa Kristiyanismo. Hindi ba't para kay Balagtas si Florante ang katuparan ng mabuting mangingibig at *guerrero* sa kahariang Kristiyano? Kahit na hindi tuwirang inilarawan si Florante bilang tauhang-Kristo, pakinggan natin ang kanyang daing at akala mo'y si Kristong nakapako:

Datapua,t, sino ang tataroc caya
sa mahal mong lihim Dios na daquila?
ualang mangyayari sa balat ng lupa
di may cagalingang iyong ninanasa.
. . . . . .
Cong siya mong ibig na aco,i, magdusa
Langit na mataas aquing mababata
isagi mo lamang sa puso ni Laura
aco,i, minsan minsang mapag ala-ala.[22]

Maliwanag na pinapakita nito ang halaga ng pagiging mapagtiis.

Ang katangiang ito'y siya ring pinahalagahan ng ibang mga akda noong siglo 19, lalo na ang mga aklat ng kagandahang-asal tulad ng *Urbana at Feliza* at ang mga katha ng mga pari tulad ng "Pasyong Kandaba" ni Padre Aniceto de la Merced.[23] Kung hahanguin natin ang larawan ni Kristo sa mga akdang ito, lumilitaw ang Kristong uliran sa kanyang pagtitiis. Dahil dito, madaling nagamit ang larawan ni Kristo upang mapatahimik ang *indio*. Halimbawa, ayon sa *Tandang Basiong Macunat* ni Padre Miguel Lucio Bustamante,

Ang mga tagalog, ang mga indio baga, aniya, na
humihiwalay, o pinahihiwalay caya sa calabao, ay
ang cadalasa,i, naguiguing masama at palamarang
tauo sa Dios at sa Hari.[24]

in Tagalog Poetry," *Philippine Studies* 15 (1967): 573. Bagamat "secular" nga ang mga ito kung ihahambing sa pasyon, Kristiyano pa rin ang kanilang pangkalahatang pananaw, at ang kanilang gamit ay kaugnay pa rin ng mga panrelihiyong pagkakataon tulad ng paglalamay at pista.

22. Francisco Baltazar, *Florante at Laura*, Makata Series 2 (Manila: Alberto Florentino, 1973), p. 14. Ang edisyong ito ay muling pagpapalimbag ng edisyong inilathala ni Carlos Ronquillo noong 1921, na galing sa isang edisyong may petsang 1861. Ayon kay Hermenegildo Cruz, unang nalathala ang akdang ito noong 1838.

23. Aniceto de la Merced. *El Libro de la vida; historia sagrada con santas reflexiones y doctrinas morales para la vida cristiana en verso tagalo* (Manila: Librería y Papelería de J. Martinez, walang petsa). Una itong nalathala noong 1852 ayon kay T. H. Pardo de Tavera, *Biblioteca Filipina* (Washington: Government Printing Office, 1900), p. 264, n. 1789.

24. Miguel Lucio Bustamante, *Si Tandang Basiong Macunat* (Manila: Imprenta de los Amigos del Pais, 1885), p. 30.

Isa ito sa kinauwian ng larawan ni Kristo bilang uliran. Mapagtiis si Kristo, kung kaya't dapat ding tiisin ng *indio* ang kanyang aping kalagayan.

Sa ikatlong kuwadro, kung gayon, matatagpuan natin kung paano nakahadlang sa pagsulong ng *indio* ang pagka-uliran ni Kristo. Kinasangkapan ng mga Kastila at kanilang alipures ang larawan ni Kristo upang mapanatili ang dayuhang kapangyarihan.

Mabuti na lamang at mayroong ika-apat na kuwadro ng larawan ni Kristo noong panahon ng Kastila. Dito nakaguhit pa rin ang pagka-uliran ni Kristo, ngunit hindi na ayon sa Kastilang prayle at gobernador. Ang ganitong larawan nga ni Kristo ang isa sa mga nagsilbing mitsa ng panunuligsa at pagbangon laban sa mananakop. Matatagpuan natin ito, halimbawa, sa buhay ni Apolinario de la Cruz, alyas Hermano Pule, at sa kasaysayan ng kanyang *cofradia.*[25]

Pinakikita ng kahit pahapyaw na pagsusuri sa mga akda ni Hermano Pule na pangunahin niyang tema ang pagsunod kay Kristong uliran. Ang tawag nga niya sa mga banal ay "masunurin," bagamat malayo ang kahulugan nito sa kagandahang-asal na ipinangaral ni Padre Modesto de Castro.

Para kay Hermano Pule, kaugnay ng pagsunod kay Kristo ang pagkawala ng lahat ng pagkakahati-hati sa mga tao. Ganito ang nilalaman ng kanyang "Dalit sa caluwalhatian sa Langit na cararatnan ng manga banal":

Baguntao mat dalaga
manga tauo mang naona
magulang cayat bata pa
mag cacasing para para

Ang mahal mat ang mababa
ang mayaman mat ang ducha
magsi sing musing muha
Ang Dios din ang may parata.[26]

Maliwanag sa mga saknong na ito kung bakit ipinaglaban ni Hermano Pule ang pagkawala ng mga pagkakahati-hati. Hadlang ito sa pagiging ganap na katulad ng Diyos.

Dito higit nating nauunawaan ang pagtingin ni Hermano Pule

25. Ang pinakahuling mga pag-aaral kay Apolinario de la Cruz ay matatagpuan sa Ph.D. tesis ni Reynaldo C. Ileto, "Pasion and the Interpretation of Change in Tagalog Society (ca. 1840–1912)," Cornell University, 1975, at sa aklat ni David R. Sturtevant, *Popular Uprisings in the Philippines, 1840–1940* (Ithaca, N.Y.: Cornell University Press, 1976).

26. Manuskrito, Papeles ni Apolinario de la Cruz, Philippine National Archives, di-nakatala.

kay Kristo bilang uliran. Ang Kristong dapat tularan ng tao ay isang Kristong matalik ang pakikiugnay sa kanya – hindi Kristong kasinlayo ng Simbahang opisyal. Sa kanyang dalit, halimbawa, ihinahambing niya ang langit sa pamumuhay kasama ng Diyos at ng kanyang kapwa:

Dios ang canilang Ama
at catoto,t, cabihasa
siyang ynaalaala
yba,y, inaalintana.[27]

Samakatuwid, tunay na mahalaga para kay Hermano Pule ang pagkakaisa ng Diyos at tao.

Dahil sa ganitong pagbibigay-diin sa malapit na kaugnayan ni Kristo sa tao, ang paglalarawan ni Hermano Pule kay Kristo ay paglingon sa mas payak na kuwadro ni Aquino de Belen.[28] Kay Hermano Pule at sa kanyang naging kasaysayan, nabubuo ang larawan ni Kristo bilang uliran ng tao.

Bilang paglalagom, masasabi nating ang larawan ni Kristong uliran ng tao ay bunga ng isang panitikang kasangkapan sa pagtatatag ng Katolikong lipunan. Dahil dito, anumang pagbabago sa pagkakaunawa sa Katolikong lipunan ay nagdala rin ng kaukulang pagbabago sa kahulugan ng ganitong larawan ni Kristo. Dito natin makikita kung bakit tulad ng punyal na mayroong magkabilang patalim ang pagka-uliran ni Kristo. Sa kamay ng isang Padre Aniceto de la Merced, patalim itong nagpapatahimik sa *indio* samantalang sa kamay ng isang Hermano Pule, nakapagpapalakas ito ng loob.

KRISTO, ANG KATUWIRAN NG MUNDO

Dumako tayo ngayon sa unang bahagi ng ating siglo. Katataboy lamang natin sa Espanyang ayon kay Bonifacio'y "Inang pabaya at sukaban," dumating naman ang armadong si *Uncle Sam,* na mayroong dalang maraming laruan. Pagkatapos niyang mapatahimik ang kabundukan, dumating ang mga puting mangangalakal samantalang pinamudmod niya ang kanyang mga pasalubong. Para sa *ilustrado,* ibinigay niya ang *Philippine Assembly, free trade,* at ang *Commonwealth.* At madali namang nawili ang *ilustrado* dahil sa

27. Ibid.
28. Higit na hango kay Gaspar Aquino de Belen ang pagkakaunawa ni Hermano Pule kay Kristo. Oo nga't "Pasyong Henesis" ang kanyang binasa, ngunit tulad ng binanggit sa itaas, ginamit ng "Pasyong Henesis" ang halos buong pasyon ni Aquino de Belen.

nanatili ang kanyang kapangyarihan, at hindi pa nagalaw ang kanyang malapad na lupain.

Si Juan de la Cruz naman ay nag-atubili sa simula. Ngunit nang tawagin siyang "little brown brother" at ipagkaloob sa kanya ang *public school system,* ang wikang Ingles, *health services, transportation* at marami pang iba, unti-unting nahuli ang kanyang loob.[29] Ngayo'y "Johnny" na ang kanyang palayaw, kahit na aali-aligid lamang siya sa usapan ng mga puti at mestisong diyus-diyosan.

Samakatuwid sa kabila ng pananatili ng piyudal na kaayusan sa lipunan, ang panahon ng Amerikano ay nagdala ng maraming bago at pagbabagong nakasilaw sa mga tao at nauwi sa "misedukasyon."[30]

Dahil sa ganitong malawak at maraming pagbabagong hatid ng panahon, hindi nakapagtatakang sumibol sa lipunang Pilipino ang paghahangad sa kaayusan at katibayang moral. At parang walang sangay ng lipunan noon na makatutugon sa ganitong pangangailangan sa isang kabalat na mangangaral tungkol sa kaayusang moral.

Hindi naman ito nagampanan ng mabuay na Simbahan. Nagsisimula pa lamang ang Protestante't Aglipay, samantalang hindi pa nakakalimutan ng Katoliko ang kinahinatnan ng himagsikan at pagdating ng Amerikano. At bukod sa kakaunti ang mga pari, lalo pang kakaunti ang makapagtuturo sa Ingles na siyang wika ng paaralan. Naaalaala natin tuloy ang larawan ng kawan na walang pastol.[31]

Ngunit hindi pa tapos ang kuwento. Dumating at sumaklolo ang panitikang Pilipino. Tinanggap ng mga manunulat ang hamon ng

29. Sa kanyang aklat na pinamagatang *Filipino Reaction to American Rule, 1901–1913* (Walang lugar: The Shoe String Press, 1968), tinalakay ni Bonifacio S. Salamanca kung ano ang naging mga bunga ng pagdating ng mga Amerikano sa mga larangang ito, bukod sa pampulitika at pangkabuhayan. Sapagkat may kinalaman sila sa kultura at pang-araw-araw na pamumuhay, masasabing higit na tumalab sila nang tuwiran sa taumbayan.

30. Tinutukoy dito ang masalimuot at malimit na di-hayagang paglikha sa kaisipang Pilipino ng paghahangad sa anumang galing sa Amerika, at ng pagtanggap sa kanyang kalagayan bilang napapailalim sa kapangyarihan ng iba. Hango ito kay Renato Constantino, "The Mis-Education of the Filipino," na unang nalathala sa *Weekly Graphic,* 8 June 1966, at muling inilimbag sa kanyang aklat na *The Filipinos in the Philippines and Other Essays* (Quezon City: Filipino Signatures, 1966), pp. 39–65, at sa iba pang katipunan.

31. Lalong tumingkad ang kakulangan ng panrelihiyong pagpapatnubay para sa karaniwang Pilipino kung isasaalang-alang natin ang mga pangyayari sa usaping kinasangkutan ng Simbahang Katoliko Romano, *Iglesia Filipina Independiente,* ng mga Protestante, at ng Pamahalaang Amerikano noong unang bahagi ng siglo. Tinalakay ito ni John N. Schumacher, S.J., sa "Church and State in the Nineteenth and Twentieth Centuries" sa *Church and State: The Philippine Experience.*

panahon; sila ang nangaral sa bata at matanda sa pamamagitan ng naglitawang mga pahayagan at lathalain tulad ng *Ang Kaliwanagan, El Renacimiento,* at *Photo News.*[32] At nagtagumpay naman sila sapagkat, ayon kay Lope K. Santos, higit na binasa ang kanilang mga kolum at katha kaysa mga balita.[33]

Ang ganitong katungkulan ng mga manunulat ay maliwanag na pinapakita sa atin ng kanilang mga akda. Halimbawa, sa pag-aalay pa lamang sa kanyang obra maestrang *Pinaglahuan,* ipinahayag na ni Faustino Aguilar ang kanyang layunin at pananaw:

> Sa mga sumasamba sa Kaluluwa ng Lahi, sa mga nagmamahal sa matandang mana, sa mga di matitinag may unos man at buhawi at sa mga umaasa sa maligayang bukas ng ating Wika.[34]

Kahit dito'y nababanaag natin ang pagpapahalaga ni Aguilar sa kaayusang moral – na siyang dahilan kung bakit itinaguyod niya ang sosyalistang pagsusuri sa lipunan. Hindi tuloy tayo dapat magtakang ang wakas ng kanyang nobela ay isang malaking sunog na walang kinilalang mayaman o mahirap.

Kahit na noong lumubog ang panitikan sa komersyalismo, nanatili pa rin ang ganitong pagpapahalaga sa moralidad.[35] Oo nga't naakit ang mga akda sa iba't ibang anyo ng bawal na pag-ibig, ngunit sa katapusan pinakita rin dito ang kapahamakang kakambal ng di-maayos na pamumuhay. Napaukit nga nang malalim sa tradisyon ng panitikang Pilipino ang pagtuturo ng moralidad.

Dahil dito, nagkaroon ng bagong anyo ang larawan ni Kristo sa panitikan noong panahon ng Amerikano. Sa mga akdang mayroong ipinahayag tungkol kay Kristo o sa relihiyon, hindi na natin gaanong mapapansin ang Kristong uliran ng tao kundi ang Kristong batayan ng kaayusang moral. Kung hihiramin natin ang salitang ginamit ng mga manunulat noon, si Kristo ang katwiran ng mundo. Siya ang tagapaghatol sa pamumuhay at kasaysayan.

Makikita natin ang paglalarawang ito kay Kristo sa magkabilang pampang ng tradisyong pampanitikan noon. Tinalakay ito ng realismo sa larangan ng panlipunang buhay, samantalang nanatili

32. Basahin ang sinulat ni Jose Esperanza Cruz na *Ang Pahayagang Tagalog* (Manila: Institute of National Language, 1938).

33. Paraluman Aspillera, *Talambuhay ni Lope K. Santos* (Quezon City: Capitol Publishing House, 1972), p. 27.

34. Faustino Aguilar, *Pinaglahuan* (Manila: Manila Filatélica, 1907), p. 5.

35. Bagamat hindi binigyan-diin ang aspetong ito, mahusay na natalakay ni Soledad S. Reyes ang pagkakaunlad ng nobelang Tagalog sa kanyang sanaysay na "Traditions and Themes in the Tagalog Novel," *Philippine Studies* 23 (1975): 243–92.

naman ang romantisismo sa buhay ng indibidwal. Susuriin natin ngayon kung paano nila ipinahayag ang ganitong larawan ni Kristo.

Tignan natin ang *Bagong Cristo,* realistikong dula ni Aurelio Tolentino. Dito ang tauhang-Kristo'y isang sosyalistang pinuno ng mga anakpawis. Isinugo siya ng Ama upang tuligsain ang umiiral na kalagayan sa lipunan – ang pag-aapi sa manggagawa, ang kasakiman ng mga prayle, ang di pagkakapantay-pantay sa lipunan at pati na pagsusugal. Bilang lunas, ipinangaral niya ang pagsunod sa katwiran:

> Unti-unting iiral dito sa lupa ang tunay na kautusan ng Maykapal, kautusang nag-aakay sa sumabog na sangkataohan, upanding magisa-isa ang lahat, at ang lahat ay maging iisa, yayamang talagang iisa ang landas ng tunay na katwiran.[36]

Maliwanag ang sinasabi sa atin ni Tolentino: iisa ang makatwiran at ang utos ng Diyos. Ito ang Ebanghelyo ng bagong Kristo; at pagkatapos niyang ipahayag ito, nagpugay ang mga obrero, "Mabuhay ang katwiran, mabuhay ang Bagong Cristo!"

Kahit hiram sa Europa ang sigaw na ito,[37] mabilis itong umalingawngaw sa panitikang Pilipino: "Kung nasaan ang katwiran, doon rin ang kay Kristong kaharian." Naging makapangyarihang sandata ito ng realismo upang labanan ang lahat ng uri ng kabulukan sa bayan at pati na sa Simbahan. Sa ngalan ng katwiran, hinarap ng maraming manunulat ang mga pangunahing isyu noon.

Halimbawa, bukod kina Aguilar at Tolentino, itinaguyod nina Lope K. Santos at Pedro Gatmaitan sa kanilang mga akda ang sosyalismo dahil sa "makatwirang" larawan nito ng lipunan.[38] Pati na ilan sa mga makabayan at "sedisyosong" dula laban sa Amerikano ay nagpakita rin ng ganitong pagpapahalaga sa katwiran. Sa tanyag na *Tanikalang Ginto* ni Juan Abad, inilarawan sa isang yugto ang pagtatagisan nina K'Ulayaw (ang sagisag ng makabayang Tagalog) at Nag-Tapon (ang kumakatawan sa taksil na

36. Edna Zapanta-Manlapaz (ed.), *Aurelio Tolentino: Selected Writings* (Quezon City: University of the Philippines Library, 1975) p. 151. Unang nalathala ang *Bagong Cristo* noong 1907.

37. Noong simula ng kasalukuyang siglo, pumasok sa Pilipinas ang kaisipang sosyalista, tulad ng sa mga anarkista at utopyang sosyalista na sina Saint-Simon at Robert Owen. Nangyari ito sa pamamagitan ng panitikang galing sa Europa at sa personal na pakikipagkilala tulad ng karanasan ni Isabelo de los Reyes. Basahin ang kay Aspillera na *Talambuhay ni Lope K. Santos* o ang sanaysay ni Jose L. Llanes, "Life and Labors of Isabelo de los Reyes," *The Diliman Review* 6 (1938): 317–47.

38. Basahin, halimbawa, ang *Banaag at Sikat* (1906) ni Lope K. Santos o ang katipunan ng mga tula ni Pedro Gatmaitan, *Tungkos ng Alaala* (1913).

Tagalog). Habang sila'y nagtatalo, dumating si Bathala at ganito ang pahayag:

> ¡Magkapatid! . . . Huag kayong mag-iringan, pagka't iya'y kasuailan. (kay K'Ul.) Kung ang kapatid mo'y ikaw ay linibak, mangilabot ka sa iniyong ikasasawi. (kay Nag.) Huag ka namang magbabalak kailan man ng ikasasama ng sino man, kahit may hihintin kang buti, gumawa ka ng mabuti sa pag-ibig mo sa kabutihang iyan. At ito batas ng Katuiran: "Uliniguin mong lagui ang sigaw ng iyong budhi at ng ikaw ay maguiguing marapat sa mata ng Sangkatauhan at sa harap ng Bayang dapat mong sambahin."[39]

Malinaw na makikita ditong kaugnay ng moral na pananaw noon ang damdaming makabayan at ang pagtutol sa kapangyarihang dayuhan. Tunay na namayani ang halaga ng katwiran ng siyang naging pamantayan ng maraming manunulat noon.

Pati Simbahan mismo ay hindi nakaligtas sa panunuligsa dahil sa "di-makatwirang" pamamalakad nito. Ang pagnenegosyo sa relihiyon at ang paggamit nito sa pang-aapi ang pinaksa ng maaapoy na polyeto nina Joaquin Mañibo at Mariano Sequerra noong unang dekada ng ating siglo.[40] Ngunit kahit na noong wala na sa kamay ng Kastila ang Simbahan, matindi pa rin ang paghahangad sa isang relihiyong "makatwiran." Sabi nga ni Crisanto Evangelista na naging ama ng komunismo sa Pilipinas:

> Ibig ko ng relihiyong nakatatag hindi sa batayan ng ingit pananakot o pangbulag sa paniniwala, kungdi sa relihiyong nakasalalay sa tunay na kabanalang asal; sa magagandang gawa at hindi sa maririkit na salita; ng relihiyong hindi kinakasangkapan ng nasasa kapangyarihan; hindi ipinananakot upang mamamalagi sa panggagaga ng iba, sa paglagom ng kayamanan at kapangyarihan, hindi nagpapasigla ng ingit at pagtatagni, ng pananalimuan at pakikipagdigma.[41]

Maliwanag sa pahayag na ito ni Evangelista na nagbago na ang pananaw noon sa relihiyon at ang pinagbabatayan nitong larawan ni Kristo.

Hindi na ang iba't ibang katangian ni Kristo ang pinakapuso ng

39. Juan Abad, *Tanikalang Ginto* sa Amelia Lapeña-Bonifacio, *The "Seditious" Tagalog Playwrights: Early American Occupation* (Manila: Zarzuela Foundation of the Philippines, Inc., 1972), p. 162.

40. Ilang halimbawa ng mga akdang tumuligsa sa Simbahan, lalo na sa mga prayle: Joaquin Mañibo, *Dawag ng Kalayaan sa Bayang Pilipinas* (Maynila: Imprenta Librería at Papelería ni J. Martinez, 1912), at Mariano Sequerra, *Justicia ng Dios* (Maynila: Limbagan ni Chofre y Compañía, 1899).

41. Crisanto Evangelista, "Manggagawa: ¿Ano ang Iyong Ibig?" sa Cirilo S. Honorio, *Tagumpay ng Manggagawa* (Maynila: Imprenta, Librería at Papelería ni J. Martinez, 1925), pp. 78–79.

kanyang larawan kundi ang kanyang kaugnayan sa pangkalahatang kaayusan. Bagamat kakaunti sa mga akda ang tuwirang gumamit ng tauhang-Kristo, mababanaag pa rin natin ang bagong pagkakaunawa kay Kristo bilang katwiran ng mundo, bilang pinagbabatayan ng kaayusang moral. Sa loob ng tradisyong realistiko, ginamit ang ganitong larawan ni Kristo upang tuligsain ang anumang kawalang-kaayusan sa lipunan.

Kung babaling naman tayo sa kabilang pampang ng tradisyon, ginamit rin ng tradisyong romantiko ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo, sa mas payak na pamamaraan nga lamang. Sa romantikong nobela man tulad ng *Nena at Neneng* ni Valeriano Hernandez-Peña o sa panulaan tulad ng kay Jose Corazon de Jesus,[42] iisang aral lamang tungkol sa relihiyon ang itinuturo: "Mayroong katwiran o umiiral na kaayusan sa mundo, na hindi dapat sirain, gaano man ito kabigat. Dapat mo ngayong itaguyod ito kundi mapaparusahan ka ng kapalaran at pati ng Diyos."

Upang mabaon ito sa isip ng mambabasa, namalasak ang mga akdang nagpakita ng magiging kapalaran ng sinumang sumira sa katwiran tulad ng mga kabataang mapusok, asawang mapanibughuin at taong gahaman sa salapi. Lalo pang naging madula ito nang ilagay ang mga tauhang ito sa mataas na lipunan. Sa pamamagitan nito, nagkaroon ang panitikan ng pagkakataong punahin ang sakit ng mga kabilang sa mataas na lipunan, tulad ng pagsusugal, paginom ng alak at bulag na pagsunod sa moda. Kaugnay ng ganitong pagpapahalaga sa kaayusang moral, hindi tayo dapat magulat kung kailangang mamatay o mabaliw ang di-nagsising kontrabida sa kuwentong Pilipino. Nilabag niya ang kaayusang moral at dapat parusahan.

Siguro sasabihin nating napakalupit naman ng ganitong pagkakaunawa sa larawan ni Kristo bilang katwiran. Hindi naman, kung tutuusin, dahil sa kadalasa'y kakambal ng pagpapahalaga sa katwiran ang pagpapahalaga sa pag-ibig. Makikita natin ito sa mga akdang tulad ng nobelang "Ama" ni Lazaro Francisco na sinulat sa dakong huli ng panahon ng Amerikano. Dito tauhang-Kristo si Ingkong Tasyo, ang aping kasama ni Don Pilo. Dahil sa piyudal na kalagayan,

42. Muling pinalimbag ang mga akdang ito sa ating panahon. Bagamat unang nalathala noong 1904, *Ang Kasaysayan ng Magkakaibigang si Nena at si Neneng* ay muling pinalimbag ng St. Paul Publications noong 1971. Naglathala din si Alberto Florentino ng katipunan ng mga tula ni Jose Corazon de Jesus na pinamagatang *Buhay at Pag-ibig: Mga Piniling Tula ni Jose Corazon de Jesus*, Makata Series 4 (Manila: Alberto S. Florentino, 1973).

patung-patong na paghihirap ang dinanas ni Ingkong Tasyo hanggang sa ipasunog ni Don Pilo ang kanyang bahay.

Akala ba nati'y lumaban si Ingkong Tasyo o nagtaas man lamang ng tinig? Hindi. Tahimik siyang umalis sapagkat inakala niyang "wala nang matwid na mamalagi pa siya."[43] Marahil hindi kapaniwala sa atin ang pasiya ni Ingkong Tasyo; ngunit para sa nobela, ito ang tama. Sa katapusan ng nobela, natuklasan ng nagsisising si Don Pilo at ng kanyang kapatid na gobernador, na si Ingkong Tasyo pala ang kanilang nawawalang kapatid. Pagkatapos ng makabagbag-damdaming pagkikita ng magkakapatid, umuwi ang lahat sa matiwasay na pamumuhay.

Dito nakikita natin kung bakit para sa romantikong tradisyon kakambal ng katwiran ang pag-ibig. Hindi dahas o ano pa man ang paraan tungo sa maayos na kalagayan; pag-ibig lamang ang tanging landas tungo sa katwiran. Ito ang pinatunayan ng buhay ni Ingkong Tasyo. Bilang tauhang-Kristo, sinunod niya ang pag-ibig sa kanyang pakikitungo sa malupit na si Don Pilo; at sa pamamagitan nito, naghari ang katwiran – hindi lamang sa kanilang buhay kundi pati sa asyenda.

Sa mga akdang tulad ng "Ama," maliwanag na nagbago na ang pananaw ng panitikan kay Kristo. Hindi na ang uliran ng tao kundi katwiran ng mundo. Higit na binigyan-diin tuloy ang kaayusang moral na nababatay kay Kristo kaysa kanyang sariling katangian. Dahil na rin dito, hindi hayag at tuwiran ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo tulad ng naunang larawan. Gayumpaman, matatagpuan pa rin natin ito sa maraming mga akda – realistiko man ito o romantiko. Sa iisang ngalan ng katwiran, tinuligsa ng realismo at romantisismo ang kabulukan sa buhay panlipunan at pansarili.[44] Ganito ang naging anyo ng larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo.

KRISTO, ANG MESIYAS NG LIPUNAN

At sa wakas dumating din tayo sa ating panahon. Pagkatapos "mapalaya" ni MacArthur ang kapuluan at nang sumapit ang ika-4 ng Hulyo 1946, marami ang nag-akalang mahiwagang salita ang

43. Lazaro Francisco, "Ama" (makinilyado, 1970), p. 241. Sa paunang salita ng makinilyadong kopyang ito, sinabi ng may-akdang hindi nalalayo ito sa edisyong nalathala noong 1929.

44. Ang ganitong mahalagang pagkakatulad ng romantiko at realistikong tradisyon ay malimit na hindi nabibigyan-diin sa mga pag-aaral tulad ng kay Virgilio S. Almario,

"kalayaan." Para bang abrakadabra, kapag sinabi mo'y bubukas ang pinto sa magandang kinabukasan.

Ngunit maagang nawala ang ganitong hiwaga. Nagnaknak ang sugat ng digmaan: nanatili ang pagdarahop at nakagulo ang pagpaparatangan ng *collaboration.* Lalo pang walang naitulong ang mga pinuno ng pamahalaang walang malamang gawin kundi ang magpayaman sa *surplus* o sumunod sa anumang sabihin ng Amerikano tulad ng *parity.* Kung tutuusin, walang pinagbago ang kalagayan ng bayan. Pinalala lamang ito ng Digmaang Pasipiko at ng pagtatatag ng isang "republikang basahan."[45]

Kaugnay ng pananatili ng ganitong sitwasyon, nagpatuloy rin sa panitikan ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo, bilang batayan ng kaayusang moral. Ngunit nagkaroon na ng kakaibang mga kahulugan ang larawang ito. Sa mga akda ni Alejandro G. Abadilla, ang landas tungo sa kaayusang moral ay wala na sa romantikong pag-ibig o sa realistikong pagsusuri sa lipunan, kundi sa malayang pagpapaalpas sa damdamin ng indibidwal.[46] Ito ang dahilan kung bakit ang Ebanghelyo ng tauhang Kristo sa nobelang *Pagkamulat ni Magdalena* ay "ako ang daigdig."[47] Kaayusang moral pa rin ang pinahalagahan ni Abadilla; ngunit ang pamantayan nito para sa kanya ay ang malayang sarili.

Si Teo S. Baylen ang isa pang manunulat sa kasalukuyang panahon na nagpahalaga sa kaayusang moral.[48] Mababanaag natin sa kanyang panulaan ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo. Sa kanyang mga tula, tinuligsa niya ang pagmamatayog ng tao dahil sa kaunlaran at agham, ang pakikidigma at iba pang salot sa mundo, kung kaya't nagbabanta ang makata na siyang tinig ng darating:

"Panimulang-suri: Mga Bukal at Batis ng Nobelang Tagalog," *Literary Apprentice* 47 (November 1974): 1–44.

45. Pamagat ito ng isang tula ni Teodoro A. Agoncillo na matatagpuan sa tinipon ni A. G. Abadilla na *Parnasong Tagalog* (Manila: Panitikan Publishing Co., 1949), p. 9.

46. Bagamat unang pinahayag ng kanyang kontroversiyal na tula, "Ako ang Daigdig," ang temang ito ay matatagpuan sa buo niyang panulaan tulad ng nakikita sa *Piniling Mga Tula ni AGA* (San Juan, Rizal: Limbagang Pilipino, 1965).

47. A. G. Abadilla at E. P. Kapulong, *Pagkamulat ni Magdalena* (1958).

48. Ang moral na pananaw sa panulaan ni Baylen ay galing sa kanyang sariling karanasan bilang katulong ng misyonerong Protestante. Aniya: "Kataka-taka bang ang mga tula ko ay 'magdidipa at magkukumpas sa pulpito'?" Matatagpuan ang pahayag na ito sa antolohiyang *Makata* (Makata, Incorporada, 1967), p. 11.

O mga pagano na nagsisisamba
sa diyus-diyusang ang biyaya'y lason,
Sa subukang-tubo ang mundo'y gumanda!
Singganda ng isang bukas na kabaong![49]

Makikita natin, kung gayon, na hindi nawala ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo sa kasalukuyang panitikan. Marami nga ang sumunod kina Abadilla at Baylen sa kanilang pagpapahalaga sa kaayusang moral.

Gayumpaman, hindi nanatiling tulog ang sambayanang Pilipino habang abala ang ilang mga makata sa "kaakuhan" at "tinig ng darating." Dahil sa patuloy na paglala ng kalagayan ng bansa, mayroong mga bahagi ng lipunang unti-unting nagkamalay sa pangangailangan sa mas makataong pamumuhay, at nagising sa katotohanang hindi sapat ang mabuti o moral na hangarin upang makamtan ito. Katibayan ng ganitong pagkamulat ang kilusan ng mga Huk sa Gitnang Luson at ang masigasig na pagpupunyagi ng maraming unyon sa Kamaynilaan. Tunay na matindi ang pagnanasa para sa mas makataong pamumuhay; at lalo itong nag-ibayo sa harap ng napakalaking pagkakaiba sa pamumuhay ng barrio sa bayan, ng bayan sa lunsod. Hanggang ngayon, nananaig pa rin ito.

Nagbunga ang ganitong pagkakamalay sa bagong uri ng panitikang mulat sa makataong halaga. Maihahalimbawa natin kahit na ang may pagka-romantikong mga akda ng mga kababaihang manunulat tulad nina Genoveva Edroza-Matute, Liwayway Arceo, Rosario de Guzman-Lingat at Elynia Mabanglo.[50] Mararamdaman sa kanilang panulat ang paghahangad na makapamuhay nang makatao, lalo na sa loob ng pamilya. Ngunit hindi sa mga akdang ito nakatala ang ganap na pakikisangkot ng panitikan.

Matatagpuan ito sa panitikang iniluwal ng paninindigang makabayan at radikal. Alalahanin lamang natin si Julio Madiaga sa nobelang *Sa Mga Kuko ng Liwanag,*[51] si Toyang sa dulang *Bubungang Lata* na napilitang magbili ng sarili alang-alang sa kanyang anak,[52] at si Tata Selo sa kuwento ni Rogelio Sikat na nawalan pati ng dangal.[53] Lalo pang tumindi ang pakikisangkot ng panitikan

49. Teo S. Baylen, "Sa Inyo, Mga Frankenstein ng Siglo XX," *Pinsel at Pamansing* (Teo S. Baylen, 1967), p. 17.

50. Kapuna-punang walang babaing-manunulat ang nakalikha ng akdang tumatalakay sa kalagayang panlipunan at pambansa.

51. Edgardo M. Reyes, *Sa Mga Kuko ng Liwanag* (Manila: Liwayway Publishing, 1968).

52. Agapito Joaquin, *Bubungang Lata* (makinilyado).

53. Rogelio R. Sikat, "Tata Selo" sa *Mga Agos sa Disyerto* (Manila: Limbagang Pilipino, 1964).

simula noong 1964. Nag-alay ang mga makata ng tula para "sa mga demonstrador na nabuwal sa karimlan ng Enero 30, 1970, sa Tulay ng Mendiola,"[54] at pinalabas naman sa tanghalan at lansangan ang *Barikada* at *Welga! Welga!*[55]

Dahil sa mga akdang ito, mahirap itanggi ang malawak na impluwensya sa panitikan ng mga kilusan tungo sa mas makataong pamumuhay. Sa katunayan, halos lahat ng mahahalagang manunulat ngayon ay pumaksa dito: simula kay Amado V. Hernandez hanggang sa mga nakababata tulad ng mga makatang *Manlilikha* at mga kuwentistang *Agos* at *Sigwa.*[56]

Sa loob ng ganitong uri ng panitikan, sumibol ang ikatlong larawan ni Kristo. Hindi na ang Kristong uliran ng tao o katwiran ng mundo, kundi ang Kristong mesiyas ng lipunan. Kung sa mga naunang larawan ni Kristo binigyan-diin ang pagtulad sa mga katangian ni Kristo at ang pagtataguyod sa kaayusang moral, sa larawang ito pinakamahalaga ang pagpupunyagi tungo sa makataong pamumuhay.

Ipapaliwanag natin ito sa pamamagitan ng mga akda ni Amado V. Hernandez at ng mga manunulat noong maapoy na mga 1970.

Kilala natin si Ka Amado, at hindi lingid sa ating kaalaman ang kanyang pagkakapiit sa paratang na *"rebellion complexed with other crimes."* Nakatala sa kanyang antolohiyang *Isang Dipang Langit* ang naging bunga ng ganitong karanasan. Kung babasahin natin ang kanyang mga tula, lalo na iyong kinatha sa bilangguan, mababanaag natin ang malalim na relihiyosong kahulugan ng kanyang pagkakabilanggo.[57]

Halimbawa, sa tulang "Ang Aking Panauhin," dinalaw siya ni Kristo at naghabilin:

Kasakdalang ako'y magbalik na muli
    sa nasang ang lupa'y gawing isang langit,
mauulit yaong unang pagkasawi,
. . . . . .

54. Rogelio G. Mangahas "Mga Duguang Plakard" sa Rogelio G. Mangahas, *Mga Duguang Plakard at Iba Pang Tula* (Quezon City: Manlapaz Publishing Co., 1971), p. 32.

55. Dahil sa kanilang layuning pulitikal, isinadula ng mga dramang ito ang tunay na mga pangyayaring pulitikal tulad ng "U.P. commune."

56. Mahalaga ang mga antolohiyang ito dahil sa naimpluwensiya nila ang takbo ng kasalukuyang panitikan. Nilalaman nila ang mga akda ng mga mahahalagang manunulat sa kasalukuyan tulad ni Rio Alma, Efren R. Abueg, at Ricardo Lee.

57. Basahin ang sanaysay ni Andres Cristobal Cruz, "Ka Amado: Bartolina at Barikada," *Philippine Studies* 19 (1971): 268.

Bawa't simulaing ipakikihamok,
Golgota ng hirap ng pusong magiting;
nguni't walang gabing hindi matatapos
at walang dakilang mithing mapipigil . . .[58]

Sa mga salitang ito ng kanyang panauhin, ang naging tugon ng persona sa tula'y "Kung sa bayan dahil, ilagak sa akin ang krus mo, Hesus." Bagamat payak lamang at tuwiran ang paglalarawan, kinakatawan ng halimbawang ito ang bagong pagkakaunawa kay Kristo sa mga akda ni Ka Amado. Pangunahin sa larawang ito ang pagsisikap alang-alang sa kapakanan ng bayan.

Lalong nabuhay ang larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan sa mga nobela ni Ka Amado. Sa kanyang *Luha ng Buwaya,* katulad ni Kristo si Andres na pinuno ng mga iskuwater na handang magpakasakit para sa kanyang kapwa. Sa pamamagitan tuloy ng kanyang pagpupunyagi, higit na naging makatao ang pamumuhay ng iba. Ito ngayon ang pamantayan ng tunay na relihiyon – kung ito'y nakapagpapasulong sa makataong pamumuhay. Dahil dito, kinondina sa nobela ang huwad na pagkarelihiyoso nina Doña Leona at Pari Pascual. Sabi nga ni Andres:

> Naniniwala kami sa pagkakaisa ng mga magkakasimpalad, at sa mga gaya nating anak-pawis, isang kabaliwan ang maghiwa-hiwalay. Tinatawag kaming iskuwater, basura, ahas sa ari ng mi-ari. Mga kasama, Kristiyano rin kami at mi takot sa Diyos. Ngunit sino ang sumisira sa ika-pitong utos, na huwag kang magnakaw?[59]

Samakatuwid, para kay Ka Amado, nasa progresibong papel ng relihiyon ang kahulugan ng larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan.

Matatagpuan din natin ang ganitong pagkakaunawa sa mga nobelang *Maganda Pa ang Daigdig* at *Daluyong* ni Lazaro Francisco.[60] Sa pagkakaunawa nina Hernandez at Francisco sa larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan, madaling magtatagumpay ang pagpupunyagi tungo sa makataong pamumuhay at malaki ang ambag ng relihiyon sa pagtatagumpay na ito.

Sa panitikan namang nakisangkot sa lipunan noong mga 1970,

58. Amado Hernandez, "Ang Aking Panauhin" sa Amado V. Hernandez, *Isang Dipang Langit* (Walang lugar: Makabayan News-Features, Inc., 1961), p. 161.

59. Amado V. Hernandez, *Luha ng Buwaya* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1974), p. 225.

60. Higit na tinalakay ang mga nobela ni Lazaro Francisco sa sanaysay ni Bienvenido Lumbera, "Towards a Revised History of Philippine Literature" sa *Book of the Philippines 1976* (Manila: Research and Analysis Center for Communications and Aardvark Associates, Inc., 1976), pp. 58–77.

wala ang ganitong madaling pag-ani ng tagumpay. At masasabi nating bunga ito ng pagkakapanday ng mga akda sa galit at apoy. Dito ang larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan ay matatagpuan sa paggamit sa balangkas ng buhay ni Kristo upang ilarawan ang kasaysayan ng pagpupunyagi.

Unang halimbawa nito ang iba't ibang *via crucis* at sinakulong nagtanghal ng pasyon ni Juan de la Cruz, lalo na sa panahon ng Kuwaresma. Sa mga dulang ito, ang kasaysayan ng Pilipinas ay naging isang pangkalahatang pasyon na "sukat ipag-alab ng puso ng bawa't Pilipino."[61] Ngayo'y nakadamit-Amerikano na sina Poncio Pilato at suot-sundalo naman ang mga Hudyo. At ang tauhang-Kristo'y si Juan de la Cruz – ang karaniwang Pilipinong biktima ng mapang-aliping sistemang kapitalista.

Lalo pang pinaliwanag ito ng ilang kabataang kuwentista sa kanilang pagpili ng tauhang-Kristo. Sa kuwentong "Dapithapon ng Isang Mesiyas" ni Ricardo Lee, ang tauhang-Kristo'y si Dong – maralitang manggagawang lalo pang inaapi ng kanyang malupit na nakaraan;[62] sa "Maria, Ang Iyong Anak" ni Wilfredo Virtusio, si Jesus – aktibistang estudyanteng napatay sa Mendiola;[63] sa "Malalamig ang Yapak ng Bathala," si Samuel – isang bulag na pulubi sa tabi ng simbahan.[64]

Ngayon ang maralita at aping nagpupunyagi para sa mas makataong pamumuhay ang Kristo sa ating lipunan. At ang kanilang karanasan ay walang iniwan sa pagkakapako sa Krus. Nauwi sa malupit na kamatayan ang mga tauhang-Kristo – mga biktima ng dambuhalang sistemang umiiral sa lipunan.

Gayumpaman, sa kabila ng kinahantungan ng mga tauhang-Kristo sa mga kuwentong binanggit, mayroong pag-asa ang pakikibaka. Maliban nga lamang sa kuwento ni Dong na namatay nang hindi nakapagsalita,[65] nagbunga ang kamatayan ng ibang tauhang-Kristo sa pagkakamulat ng nakapaligid sa kanila. Magandang halimbawa nito ang kuwento ni Virtusio na naglarawan sa pagkakamalay ni Maria nang patayin ng mga pasista ang kanyang anak na si Jesus.

61. Galing ito sa unang pahina ng "Pasyong Henesis," ngunit pinalitan ng pariralang "bawat Pilipino" ang walang kamandag na "sinumang babasa" sa orihinal. Una itong ginawa ni Marcelo H. del Pilar at ginamit ng mga aktibistang manunulat.

62. Ricardo Lee, "Dapithapong ng Isang Mesiyas" sa *Sigwa* (Walang lugar: Sigwa ng Panitikang Pilipino, 1972), pp. 39–50.

63. Wilfredo Virtusio, "Maria, ang Iyong Anak" sa *Sigwa*, pp. 81–90.

64. Domingo G. Landicho, "Malalamig ang Yapak ng Bathala" sa B. Lumbera (ed.), "Likha: Mga Kuwento at Tulang Pilipino" (Makinilyado, 1971), pp. 36–51.

65. Lee, "Dapithapon ng Isang Mesiyas," p. 50.

Ganito rin ang ating matatagpuan sa kuwentong "Golgota" ni Domingo Landicho.[66] Bagamat pangulo ng Pilipinas ang kanyang tauhang-Kristo, pinakita ng may-akda ang reaksyon ng iba't ibang sanghay ng lipunan sa pagpatay sa pangulo. Sa dakong huli ng kuwento, habang papalayo ang espiritu ng namulat na pangulo, nagpupulong ang liderato ng mga aktibista upang ibagsak ang mapaniil na sistema.

Ganito ngayon ang larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan. Misyon ng ganitong Kristo ang pagmumulat tungkol sa umiiral na kalagayan. Patayin man siya ng sistema, kailangang ipagpatuloy ang pakikibaka.

PAGBABALIK SA KRISTIYANISMONG PILIPINO

Naging mabilis man at pahapyaw ang ating paglalakbay, nakasapat ito upang matuklasan natin ang nagbabagong larawan ni Kristo sa panitikan. Sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraang pampanitikan katulad ng paggamit sa tauhang-Kristo o sa simbolismo, pinahayag ng mga akda ang kanilang pagkakaunawa kay Kristo. Sa kabuuan, tatlong magkakaibang larawan ni Kristo ang lumitaw.

Unang natagpuan natin ang larawan ni Kristo bilang uliran ng tao sa panitikan noong panahon ng Kastila. Tiningala ng balana ang katauhan ni Kristo, at ginagad ang kanyang mga katangian. Dahil dito, pinahalagahan nila ang anumang inakala nilang sinabi at ginawa ni Kristo – galing man ito sa Bibliya o apokripa. Sa katunayan, ito ang nagsilbing gabay sa kanilang pananalita at pagkilos sa anumang sitwasyon. Maaaring may kinalaman ang sitwasyon sa pagsisimba at ang nararapat na isuot dito, o kaya sa pakikitungo nila sa mga makapangyarihang alagad ng Simbahan; ngunit iisa lamang ang batayan – ang larawan ni Kristo bilang uliran ng tao.

Ang ikalawang larawan ni Kristo ay hinango natin sa panitikan noong panahon ng Amerikano. Sapagkat ang panitikan noon ay naging tagapagtaguyod ng kaayusang moral at hindi na kaugnay ng Simbahan, nawala na ang pagbibigay-diin sa katauhan ni Kristo bilang uliran ng tao. Humalili ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo. Masasalamin ang ganitong larawan sa paniniwalang ang tunay na relihiyon ay nababatay sa katwiran o kaayusang moral. Dahil dito, ang larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo ay

66. Domingo G. Landicho, "Golgota" sa Domingo G. Landicho, *Himagsik* (Walang lugar: R. P. Publishing House, 1972).

siyang nagsilbing pamantayan ng buhay ng lipunan at indibidwal.

Sa ngalan ng katwiran, itinaguyod ng realismo ang pananaw na sosyalista, at tinuligsa ang pananakop ng mga Amerikano at ang pamamalakad ng opisyal na Simbahan. Sa ngalan din ng katwiran, inilarawan ng romantisismo ang kapahamakang naghihintay sa sinumang lumabag sa kaayusang moral; at saka itinuro nito ang landas ng pag-ibig tungo sa matiwasay na pamumuhay. Ganito ang kahulugan ng larawan ni Kristo bilang katwiran ng mundo.

Ang ikatlong larawan naman ni Kristo ay sumibol na kaagapay ng pagkakamulat sa lipunang Pilipino pagkatapos ng Digmaang Pasipiko. Sa loob ng panitikang may paninindigang makabayan at pulitikal, naging mesiyas ng lipunan ang larawan ni Kristo. Wala na sa larawang ito ang pananampalatayang sapat ang moral na hangarin upang mabago ang sistema sa lipunan. Pinahalagahan ng larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan ang pagpupunyagi tungo sa mas makataong pamumuhay. Sa mga akda nina Hernandez at Francisco, pinahayag ang progresibong papel na dapat gampanan ng relihiyon. Sa panitikan namang sinulat noong ikapitong dekada, ang larawan ni Kristo bilang mesiyas ng lipunan ay pinakita sa pagsisikap ng mga maralita at api sa ating lipunan upang baguhin ang umiiral na sistema. Sila ngayon ang larawan ni Kristo, at ang kanilang personal at panlipunang karanasan ay hindi malayo sa pinagdaang buhay at kamatayan ni Hesus. Sa larawang ito ni Kristo, ipako man siya sa Krus, babalikatin naman ng kanyang mga alagad ang misyon na makamtan ang mas makataong pamumuhay.

Ito ang tatlong larawan ni Kristo buhat sa panitikang Pilipino, at walang salang pahapyaw lamang ang pagkakaguhit natin sa mga larawan. Gayumpaman, mayroon na ring maitutulong ito sa ating ikakaunawa sa Kristiyanismong Pilipino.

Sa unang bahagi ng panayam, inilarawan natin ang pananatili ng Kristiyanismong Pilipino; at binanggit rin natin ang mga puwersa sa loob at labas nito na humihingi ng mas masusing pagsusuri. Sa harap ng ganitong magkabilang katunayan, hindi lamang pamamasyal sa kasaysayan ang kinauwian ng ating paglalakbay sa panitikang Pilipino. Maaari itong magsilbing mapa ng Kristiyanismong Pilipino – hindi nga kasinghusay ng mga mapang galing sa *National Geographic*, ngunit naituturo naman kung saan ang mga ilog at bundok.

Tatalakayin natin ngayon ang tatlong larangan sa mapang ito ng Kristiyanismong Pilipino.

Una, mayroong magkakaiba at nagbabagong larawan ni Kristo

sa kapaligirang Pilipino. Kung maniniwala tayo sa panitikang Pilipino, maliwanag na ipinakikita nitong hindi iisa ang larawan ni Kristo. Tatlong larawan nga ang ating natuklasan; at bawa't larawan ay nagkaroon pa ng iba't ibang interpretasyon. Ganito, halimbawa, ang nakita nating noong siglo 19 kina Padre Miguel Lucio Bustamante at Hermano Pule. Dahil dito, kailangang maging maingat tayo sa paghatol sa Kristiyanismong Pilipino. Mahirap na basta sabihin nating pasibo at walang buhay ang Kristo ng Pilipino, tulad ng ipinahayag nina Elwood at Magdamo.[67] Oo nga't naging bahagi ito ng larawan ni Kristo bilang uliran ng tao noong panahon ng Kastila, ngunit hindi ito ang kabuuan ng larawan ni Kristo. Higit nating mauunawaan ang Kristiyanismong Pilipino kung tatanggapin nating hindi ito payak – kung kikilalanin natin ang magkakaiba at nagbabagong larawan ni Kristo.

Kaugnay ng ganitong pagkilala sa kasalimuotan ng larawan ni Kristo sa kapaligirang Pilipino, kailangan ding tanggapin natin ang pinagmulan ng anumang larawan ni Kristo. Halimbawa, hindi maikakailang ang larawan ng pagka-uliran ni Kristo ay galing sa karanasan at teolohiyang dala ng Kastila. Gayumpaman, nakita natin kung paano binuhay ito ng pasyon ni Aquino de Belen o ng "Pasyong Henesis." Samakatuwid, ang paghahanap sa "dalisay" na larawan ng Kristong Pilipino ay mauuwi sa pagtatalop ng sibuyas upang makuha ang pinakaubod nito. Mas makatutulong na suriin ang umiiral na pagkakaunawa kay Kristo kaysa magsimula tayo sa isang pananaw na *a priori* kung ano ang "Pilipino."

Ikalawa, maaaring gawing balangkas ng pagsusuri sa Kristiyanismong Pilipino ang tatlong larawan ni Kristo buhat sa panitikan. Sa paglalakbay natin kanina sa panitikang Pilipino, nakita natin ang tatlong larawan ni Kristo – ang uliran ng tao, katwiran ng mundo at mesiyas ng lipunan. Ngayon tignan natin ang kasalukuyang kalagayan ng Kristiyanismo sa ating bayan. Hindi ba't mababanaag nating umiiral pa ang mga larawang natagpuan natin sa panitikan? Paghambinging si Ingkong Tasyo at isang magsasaka sa Bulakan? Si Jesus na aktibista at isang radikal galing sa pamantasan? Si Hermano Pule at ang kanyang *cofradia,* at si Tatang de los Santos at ang kanyang Lapiang Malaya?[68]

67. Douglas J. Elwood at Patricia L. Magdamo, *Christ in a Philippine Context* (Quezon City: New Day Publishers, 1971), pp. 1–11.

68. Bagamat hindi gaanong tinatalakay ni Sturtevant ang mga katangiang relihiyoso ng *cofradia* ni Hermano Pule at ng Lapiang Malaya, naipakita niya ang kamanghamanghang pagkakatulad ng mga kilusang ito sa kanyang aklat na *Popular Uprisings.*

Kung gayon, bagamat istorikal ang ginawa nating pagtalakay sa iba't ibang larawan ni Kristo, pinakikita ng ganitong mga pagkakatulad na nabubuhay pa ang mga larawan. Maaari pa nga nating idagdag na marahil mas laganap ang unang larawan ni Kristo kaysa iba dahil sa higit na matagal itong namayani.

Lalo pang nagkakalaman ang mga pahayag na ito kung isasaalang-alang nating pambalana ang panitikang Pilipino. Hanggang sa kasalukuyan, halos taun-taong pinapalimbag ang "Pasyong Henesis." Laganap pa rin ang *Liwayway* na siyang naglathala ng maraming akdang pampanitikan. Pati ang ilang kabataang unang sumulat sa loob ng pamantasan ay unti-unti nang nakakaabot sa mas maraming mambabasa.

Dahil dito, nagiging higit na matimbang na balangkas ng pagsusuri sa Kristiyanismong Pilipino ang tatlong larawan ni Kristo buhat sa panitikan. Alam nating anumang larawan ay nagbubunga sa pagkilos, tulad ng maliwanag na nangyari kay Hermano Pule. Samakatuwid, kung nauunawaan natin ang paglalarawan ninuman kay Kristo, mauunawaan din natin ang kanyang pagkilos. Marahil ang kasalukuyang di-pagkakaunawaan sa loob at labas ng Simbahan ay bunga mismo ng ganitong di-pagkilala sa magkakaibang larawan ni Kristo.

Ikatlo, maaari nating matagpuan ang pinakapuso ng Kristiyanismong Pilipino sa kaugnayan ng larawan ni Kristo sa kapaligirang pinanggalingan nito. Sa ating ginampanang pagsusuri ng panitikan, mapapansing ang bawa't larawan ni Kristo ay nag-ugat sa kapaligirang umiiral noon; at nang magkaroon ng pagbabago sa kapaligiran, iniluwal din ang bagong larawan ni Kristo. Kung gayon, maliwanag na pinakikita ng kasaysayan ang malalim na kaugnayan ng larawan ni Kristo sa kapaligirang pinanggalingan nito.

Ang pagpapahalaga sa ganitong kaugnayan ay ang gintong butil na pabaon sa atin ng panitikang Pilipino. Kung ang tatlong larawan lamang ang pag-uusapan, hindi natin masasabing mayroong pinakamahusay sa tatlo. Iba't ibang pagkakaunawa kay Kristo ang nasa mga ito. Ngunit maaari nating sabihin kung anong larawan ni Kristo ang higit na hinihingi ng ganito o ganoong kalagayan. Samakatuwid, wala sa mga larawan ang pamantayan kundi nasa kalagayang umiiral.

Malaki ang maiaambag ng katunayang ito upang higit nating maunawaan ang kalagayan ng Kristiyanismong Pilipino. Lalo na sa kasalukuyang tinatawag itong "folk" o "popular Christianity" at

ipinagtatanggol o pinupulaan nang dahil sa pinapalagay ngang katangian nito. Ngunit kung tutuusin, nababatay ang ganitong pagtawag sa paghahambing ng Kristiyanismong bininyagang "folk" o "popular" sa ibang anyo ng Kristiyanismo – anuman ang itawag dito.

Bumaling tayo, halimbawa, sa pabasa ng "Pasyong Henesis" at itanong natin kung angkop na lapatan ito ng tawag na "folk" tulad ng ginagawa ng iba. Ibig sabihin ba nito na ang mga nagbabasa ng pasyon ay walang edukasyon o katayuang panlipunan? Maaari itong pabulaanan ng mga tao mismong nagbabasa ng pasyon. O ibig ba nitong sabihing ang "Pasyong Henesis" ay wala o kulang sa tamang kaalaman tungkol sa Kristiyanismo? Ngunit kung suriin natin ang pasyon, makikita nating nilalagom nito ang maraming sangkap ng teolohiya noong panahon ng Kastila. O baka naman ibig sabihin ng "folk" ay hindi aprubado ng opisyal na Simbahan? Ngunit mayroon namang *imprimatur* ang "Pasyong Henesis," kahit sa kasalukuyan.

Samakatuwid, ang paggamit ng "folk Christianity" – kahit na galing sa mga tagapagtanggol nito – ay hindi nakatutulong sa ating pagkakaunawa sa Kristiyanismong Pilipino.[69] Higit na angkop sabihing mayroong magkakaibang larawan si Kristo. Halimbawa, bagamat iniluwal noong panahon ng Kastila ang larawan ni Kristo sa "Pasyong Henesis," umiiral pa rin ito sa kasalukuyan at mananatili hanggat hindi pa nakikitang hinihingi ng kalagayang baguhin ito. Kung gayon, anumang pagbabago ay nag-uugat sa tradisyon, at hindi lumilitaw na langit at lupa ang agwat ng tradisyon at pagbabago.

Kung tagapagtanggol man tayo ng tradisyon, sinasabi sa atin ng panitikan: "Huwag kang matakot. Nagbabago ang larawan ni Kristo." At kung tagapagtaguyod naman tayo ng pagbabago, sinasabi ng panitikan: "Huwag kang pangahas. Nagbabago ang larawan ni Kristo." Sa ganitong pananaw, ang pagbabago ay nagiging tunay na pamumukad ng buhay na tradisyon, batay sa nagbabagong kapaligiran.

69. Ganito rin ang kinauwian ng may akda ng "Let the People Be," *Pro Mundi Vita Bulletin* No. 61 (July 1976). Bagamat nagpakahirap siya upang ilarawan ang kahulugan ng "popular" at "folk," hindi rin niya ginamit ito sa katapus-tapusan: "Though a greater degree of pluralism than either the DD ['disapprovers'] or PP ['promotors'] will allow is the conclusion a sociological analysis of the People's Religion imposes, the pluralism we have in mind is dynamic and dialectical, it allows for feedback and cross-fertilization, as well as mutual respect, untainted either by thinly veiled condescension or naive canonisation."

Itinuturo sa atin ng panitikang tumulad kay Birheng Maria. Sa "Pasyong Henesis," wala siyang ginagawa kundi tumangis. Sa *Bagong Cristo* ni Tolentino, pinasan niya ang krus. At sa "Maria, ang Iyong Anak" ni Virtusio, lumaban siya sa mga pasista. Iisang Maria, ngunit nagbabagong mukha, dahil sa kapaligiran.

Isa itong magandang larawan ng kasaysayan at kasalukuyan ng Kristiyanismong Pilipino. Ito rin ang maaaring maging larawan ng kinabukasan kung patuloy na magbabago ang larawan ni Kristo para sa atin ayon sa "mga tanda ng panahon."[70] Sa ganitong landas lamang maaari tayong manatiling tapat sa kanyang natatanging katunayan.

70. Dito ginagamit ang "mga tanda ng panahon" bilang pagsasalin ng teknikal na kahulugan ng "signs of the times" sa Ikalawang Konsilyo sa Vatican. Halimbawa, sa *Gaudium at Spes*, No. 4: "At all times, the Church carries the responsibility of reading the signs of the times, interpreting them in the light of the Gospel, if it is to carry out its task" (Austin Flannery, O.P. [gen. ed.], *Vatican Council II: The Conciliar and Post Conciliar Documents* [Ireland: Dominican Publications and Talbot Press, 1975], p. 905.)